




Pananatili at Pagtatanggol

KUNG HINDI KAYO HANDA, ANG PANANATILI AT PAGTATANGGOL AY MAAARING MAGING MAPANGANIB

MAY ILANG SITWASYON NA ANG NSW RFS AY NAGREKOMENDA NA HINDI KAYO DAPAT MANATILI AT MAGTANGGOL:

- Kung ang araw ay 'Catastrophic' (Lubos Na Kapahamakan) ang antas ng panganib sa sunog
- Kung ang araw ay 'Extreme' (Sukdulan) ang panganib sa sunog at ang inyong tahanan ay hindi bukod-tanging dinisenyo, itinayo o binago upang matagalan ang sunog
- Kung ang inyong propyedad ay hindi mabuting naihanda at hindi maipagtatanggol
- Kung ang inyong damdamin ay hindi handa at hindi malakas ang inyong katawan.

Sa pagpili na Manatili at Magtanggol, kayo at ang inyong pamilya ay maaaring manganib sa malubhang kapinsalaan o kamatayan.



Hindi lahat ng tahanan ay maipagtatanggol, at hindi lahat ng tao ay nakakayanan ang hirap ng pananatili upang magtanggol ng kanilang tahanan. Mahalagang pag-isipan ninyo ang sitwasyon ng inyong sarili at pamilya kapag nagpapasiya tungkol sa gagawin ninyo at ng inyong pamilya.



Tseklist para Manatili at Magtanggol

- Mayroon ba kayong 'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire)?
- Alam ba ninyo kung anu-ano ang magtutulak sa inyo na isagawa ang inyong plano?
- Ang inyo bang propyedad ay naihanda at namentenang mabuti?
- Ang inyo bang katawan at damdamin ay handa para ipagtanggol ang inyong propyedad?
- Alam ba ninyo ang gagawin bago mangyari, habang nangyayari, at matapos mangyari ang isang bush fire?
- Mayroon ba kayong kagamitang panlaban sa sunog na nasa mabuting kondisyon, at lahat ba ng taong nagpaplanong manatili at magtanggol ay alam ang paggamit nito?
- Alam ba ninyo ang gagawin kung mawalan kayo ng koryente?
- Mayroon ba kayong maaabot na tubig na panlaban sa sunog gaya ng isang dam, tangke o pool? (tandaang ang mga suplay ng tubig mula sa bayan ay maaaring hindi gumana sa mga oras ng kagipitan)
- Mayroon ba kayong angkop na pansariling pananggalang na kasuotan?
- Mayroon ba kayong Pangkagipitang Kit na Panligtas?
- Mayroon ba kayong pangalawang plano?
- Ano ang gagawin ninyo kung walang trak ng bombero?

**kung kayo ay may anumang duda,
dapat kayong lumikas nang maaga.**



131450

**PREPARE.****ACT.****SURVIVE.****BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737**